# DUGONG NANANALAYTAY

*by:*
**Christian E. Canta**
*Teacher II, Bonifacio Camacho National High School*

Marahang dinampot ang antipara at isniuot. Bumangon sa pagkakahiga. Nagtimpla ng kape at umupo sa tarangkahan. Sinasabayan ang mga usok sa mainit na kape na unti-unting tumataas. Hanggang sa natitigan  ang langit na wari'y kinulayan ng pintang kulay dugo. Nagbabadya ng paghahanda para pagtindig sa panibagong araw na darating.

Lukso ng dugo.

Lukso ng kasiyahan at dugo na ibabahagi para sa mga nangangailan. Kaugnay sa Brigada Eskuwela, isa sa mga proyekto ay ang Sanduguan o "Blood Letting". Programang inilunsad ng mga guro sa Bonifacio Camacho National High School. Layunin na makapagbigay ng dugo sa mga higit na may pangangailangan at magdugtong ng buhay.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Nanalaytay sa ugat.

Nasa dugo ang pagtulong at pagmamalasakit sa kapwa. Isinagawa ang proyekto sa pamamagitan ng tulong ng mga Nars sa Bataan General Hospital Medical Center (BGHMC). Sanduguan na nagsasaad ng pagtutulungan ng paaralan at pagamutan. Nasa ugat nanalaytay ang dugo ng lahing may pagkakaisa tungo sa Magandang hangarin.

Ang hindi mamatay ng dahil sa'yo

Pagdurugtong ng buhay ang hangarin para sa mga taong may pangangailangan nito. Nilahukan ito ng maraming tao na handang tumulong at magbigay ng kanilang mga

dugo. Matagumpay ang proyektong Sanduguan. Ang hindi mamatay ng dahil sa'yo Bagkus ay madugtungan ang buhay ng taong Malalapatan nito.

Nakarating muli sa tarangkahan, umupo at nanariwa sa isip ang mga kaganapan. Iba ang lukso ng dugo ng kasiyahan. Nanalaytay sa ugat ang lubos na kagaanan sa pakiramdam. Masayang inuusal ng bibig Ang hindi mamatay ng dahil sa'yo. Sapagkat nabuhay ang pag-asang maisalin ang masayang buhay. Sinundang muli ang mga makabuluhang pangyayari sa maghapon. Natitig sa ulap na wari'y pinintahan ng dugo dahil sa ito ay bakas ng dapit-hapon.

*References:*

https://www.britannica.com/science/bloodletting

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan